REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**KAUTUSANG PANGLUNSOD BLG. 95-46**

# ISANG KAUTUSAN SA PAG-AAYOS NG PANGANGASIWA, PAGTITIPON AT PAGTATAPON NG MGA BASURA NG OSPITAL, MALILIIT NA KLINIKA, LABORATORYO, PUNERARYA AT IBA PANG KAURI NITO SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA

*******************************************************************************************************************
**Ipinanukala ni: KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
*******************************************************************************************************************

**SAPAGKAT** , ang mga basura ng mga ospital, pribado man o pampubliko, laboratoryo, maliliit na klinika at mga punerarya sa Lungsod ng Muntinlupa, kapag maaayos ang pangangasiwa ay mahahadlangan ang pagkalat ng impeksyon dulot ng "virus" at "bacteria" at sa gayon ay mababasan ang mga panggulo sa mga kapaligiran at mababawasan ang mga hadlang sa mga kalusugan;

**SAPAGKAT,** ayon sa mga kinalabasan ng mga pag-aaral na ginawa upang matiyak kung tumutupad ang mga ospital, maliliit na klinika, laboratoryo at punerarya sa mga itinakdang pamantayan sa pagtatapon ng iba't-ibang uri ng basura ay napatunayan na halos lahat ng ospital, maliliit na klinika, laboratoryo at punerarya sa Lungsod ng Muntinlupa ay nagtatapon ng mga nakakahawa, maaaring makahawa at "radio-active" na basura buo man ito o lusaw sa kanilang "septic tank" tuloy sa imburnal at hindi nagdadaan sa Muntinlupa Collection System na siyang nagdidisimpekta nito;

**SAPAGKAT,** iilan sa mga ospital, maliliit na klinika, laboratoryo at punerarya ang may sariling "incenerator", ang iba naman ay may sariling "incenerator" ngunit walang ECC permit mula sa DENR at ang iba naman ay nagsusunog ng basura sa looban ng ospital na nagdudulot ng "air pollution";

**SAPAGKAT,** ang mga "sharps" gaya ng karayom, hiringgilya,"scalpel," "blades," basag na bote at mga pako na kung hindi man naitatapon kasama ng iba pang mga basura, nasilaban, naibaon, naitago para magamit na specimen o maibenta para sa "recyling" ay isinasapanganib ang mga tauhan ng ospital, laboratoryo mga kolektor ng basura at mga nagbabasura;

**SAPAGKAT,** dahil sa di kasiya-siyang sistema ng pagtatapon ng mga basura ng ospital, laboratoryo kinakailangan na ang Komite ng Kalusugan at Kalinisan ay gumawa ng kaukulang hakbang at/o magsimula na gumawa ng mga paraan upang mapa-ayos ang pangangasiwa, pangongolekta at pagtatapon ng mga basura lalong-lalo na ang mga maaring makahawa;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Panglunsod ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagpasyahan ang batas na paiiralin sa iba't-ibang ospital, maliliit na klinika, laboratoryo, punerarya at iba pang kauri nito sa Lungsod ng Muntinlupa :

## SEKSIYON 1. LAYUNIN NG KAUTUSAN

a. Pagsansala ng mga impeksiyon na nakuha sa kapabayaan ng ospital, maliliit na klinika, laboratoryo at punerarya.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

b. Pangangalaga sa kapaligiran .

k. Pangangalaga ng mga tauhan ng ospital, maliliit na klinika, laboratoryo, at punerarya, mga tao na paroo't parito sa mga kagamitan ng ospital, mga kolektor ng mga basura, at ng sambayanan

d. Pagpapanatili ng "ecological balance" para sa kapakanan ng mga mamamayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng disiplina sa kalinisan at maaayos na paraan ng pagtatapon ng mga basura ng ospital, maliliit na klinika, laboratoryo at punerarya.

**SEKSIYON 2. LAWAK**

a. Ang mga nakasaad sa kautusang ito at ang mga pamantayang nakalahad dito ay para sa lahat ng pribadong ospital, pampublikong ospital sa lungsod gaya ng Research Institute for Tropical Medicine (RITM) and Bureau of Corrections Hospital (NBP), maliliit na klinika, laboratoryo sa Lungsod ng Muntinlupa kasama na rin dito ang iba't-ibang punerarya sa lungsod.

**SEKSIYON 3. PAG-UURI-URI NG MGA DUMI/BASURA NG MGA OSPITAL, MALILIIT NA KLINIKA , LABORATORYO AT PUNERARYA**

a. **Tuyong Basura** - uri ng basura na nakukuha sa pinagbalutan ng mga gamot at iba pang kauri nito na mauuring di makakahawa kasama na ang magwawalis sa lahat ng ward at sa loob at labas ng gusali ng ospital.

b. **Basang Basura** - uri ng basura na nakukuha sa kusina, sa "Canteen" gaya ng mga tirang pagkain at mga bagay na galing sa "Dietary Section" ng ospital at maliliit na klinika.

k. **"Sharps"** - gaya ng mga karayom, blades "Scalpel", mga pako mga basag na bote at basag na "slides" at iba pa.

e. **"CLINICAL"** na basura - mga basura na galing sa panggagamot, pag-aalaga ng may sakit, at iba pang uri ng panggamot, pananaliksik at pagsisiyasat na may katutubong lason, at mga bagay na maaaring makahawa ang nilalalaman. Ang mga basurang ito ay tulad ng mga "Tissue" ng mga tao at mga hayop, mga "excretions" gaya ng ihi at dumi, mga bulok, sira o maruming gamot, mga bulak, mga gasa, mga instrumentong gamot ng doktor, mga gamit na guwantes at "mask", "gowns" at iba pang kauri nito.

f. **"PATHOLOGICAL"** na basura - Mga basura ng ospital, maliliit na klinika laboratoryo at punerarya gaya ng mga lamang loob, at bilig ng tao na galing sa pagkaopera, sa "biopsy" at atopsiya. Kasama rin dito ang mga bahagi ng katawan ng tao o hayop , dugo at iba ring "fluid" na galing sa mga pasyente.

**SEKSIYON 4. PAMANTAYAN SA PANGONGOLEKTA NG MGA BASURA NG OSPITAL, MALILIIT NA KLINIKA, LABORATORYO AT PUNERARYA**

I. Para sa pagkakapare-pareho at kaligtasan, ang Ospital, Maliliit na Klinika, Laboratoryo at Punerya ay dapat na may tatlong uri ng supot ng basura na mapagkikilanlan may :

a. Itim na supot - para sa di nakakahawang tuyong basura

b. Luntiang supot - para sa mga di - nakakahawang basang basura

k. Dilaw na supot - para sa mga tuyo at basang basura

- Na galing sa kemiko at iba pang maaaring makahawa
- Pathological na basura
- Sharps na inilagay sa isang di-mabubutas na sisidlan na pinatungan ng makapal solusyon ng apog

Inaasahan din na ang kulay ng mga plastic na supot ng basura at kapareho din ng kulay nang pag-iimbakan nito upang madali ang pagkolekta nito.

II. SARADONG HUKAY NA SILABAN NG BASURA (INCENERATOR) NA MAYROONG ECC PERMIT MULA SA DENR

Ito ay may layong 50-100 metro mula sa Ospital, Maliliit na Klinika at Punerarya. Ang hukay na ito ay nararapat na nasa isang lugar na ililipad ng hangin ang usok mula sa Ospital, Maliliit na Klinika at Punerarya. Ang abo at ang natirang bagay na di nasunog ay ilalagay sa dilaw na supot at itatapon sa isang pampublikong tapunan ng basura.

III. SEWAGE DISPOSAL

Ang ihi at dumi ng mga pasyenteng may nakakahawang sakit ay dapat ilagay sa isang latang may takip na may isa at kalahating (1 1/2) onsa ng limang (5%) solusyon "Phenol o Cresol" na uri ng pagdidisimpekta sa isang quart (ika-apat na bahagi ng isang galon) na tubig. Patatagalin ang ihi at dumi sa loob ng isang oras bago itapon sa inidoro bago i-flush.

**SEKSIYON 5 - PANGGAGALINGAN NG PONDO**

Lahat ng Ospital, Maliliit na Klinika, Laboratoryo at Punerarya ay kinakailangang mag-uukol ng isang tiyak na halaga para sa pagpapatupad ng kautusang ito.

**SEKSIYON 6 - KAPARUSAHAN**

Ang hindi pagtupad sa probisyon at sa mga pamantayan ng kautusang ito ay may parusang hindi hihigit sa TATLONG LIBONG PISO (P3,000.00) sa unang paglabag sa batas at hindi hihigit sa LIMANG LIBONG PISO (5,000.00) o pagkabilanggo ng di lalagpas ng isang taon at pagpapawalang bisa ng permiso sa pagpapalakad ng Ospital, maliliit na Klinika, Laboratoryo at Punerarya sa pangalawang pagkakataon.

Kung ang taga kolekta ng basura ng ESC ay may makukuhang mga nakakahawa/maaring makahawang uri ng basura kasama ng mga tuyo basang basura sa itim na supot, at maliliit na bahagi lamang nito ang ilalagay sa dilaw na supot, na ang tanging dahilan lamang ay upang makakuha ng kinakailangang patunay mula sa nasabing kompanya, ang bagay na ito ay isa ring uri ng paglabag sa kautusang ito.

**SEKSIYON 7 - PAGKUHA NG MULTA**

Ang multa para sa di pagtupad ng kautusang ito ay magbabayad sa Ingat-Yamang Panlungsod at iipunin sa Special Fund para sa pagpapatupad ng kautusang ito.

**SEKSIYON 8 - MGA AHENSIYANG TAGAPAGPATUPAD**

Ang Panlungsod na tanggapan ng Kalusugan at ESC ay titiyaking ang mga probisyong ito ay ipatutupad ng buong katapatan sa buong lungsod.

**SEKSIYON 9 - IBA PANG PROBISYON**

Ang Tanggapan ng Pahintulot at Lisensiya ay di-dapat magbigay ng pahintulot/panibagong lisensiya sa anumang ospital, maliliit na klinika, laboratoryo at punerarya na walang kontrata sa isang "Incenerator Plant" na may karampatang pagpapatunay ng DENR.

**SEKSIYON 10 - PAGPAPAHIWALAY NA SUGNAY**

Kung may probisyon sa kautusang ito o sa pagpapatupad nito sa isang tao/pangyayari na masasabing labag sa ating konstitusyon o walang bisa sa anumang kadahilanan, hindi ito dapat mapawalang bisa sa ibang bahagi ng probisyong ito.

**SEKSIYON 11 - PAGKAKABISA**

Ang kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos na mapagtibay ito at maitala sa mga bulletin board ng bahay pamahalaan at isa pang hayag na lugay at pagkalathala nito sa isang pahayagan na may malawakang sirkulasyon.

**PINAGTIBAY NGAYONG** ika - 09 ng Oktubre, 1995 sa ginanap na ikalabing-apat (14) na regular na sesyon.

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mg a Punong Barangay

**KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS JR.**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATOTOHANAN:

**NECITO M. GUICO**
Pansamantalang Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINAGTIBAY:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod